

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA



Isang Kuwento
ng Dalawang Babae

1 Hari 3:16-28

Ang Kasaysayan...

Katahimikan ang biglang sumaklot sa maharlikang buiwagan ni Haring Solomon at lahat ng mata ay nakapako sa kanya. Ang kanyang mga katulong ay nagtataka kung papaanong hahatulan ng batang hari ang masalimuot na usapin.

Dalawang kabataang ina ay magkasama sa isang silid at sabay nagsilang ng sanggol na lalaki. Nang gabing yaon ang isa sa mga ina ay di sinasadyang nadaganan ang kanyang anak at ito ay namatay. Nang siya ay magising, nakita niya ang kanyang sanggol na isa nang malamig na bangkay. Kinuha niya ang anak ng kanyang kasamang ina at ipinalit ang kanyang patay nang sanggol. Nagising ang ina ng buhay na sanggol

at nang kanyang makita na patay ang bata ay sumigaw siya nang may kapaitan. Nang kanyang masuri ang sanggol ay agad niyang nakilala na hindi ito ang kanyang anak. Sa kabilang dako ng silid ay nakita niyang mahigpit na yakap ng kanyang kasamang ina ang kanyang anak.

Ang dalawang babae ay kapwa nakatayo sa harap ng hari, na nagaangkin sa buhay na sanggol. “Ang batang ito ay akin!” ang sigaw ng isa.

“Hindi! Ang iyong anak ay patay.” tugon naman ng ikalawa.

Paanong papasyahan ng hari kung alin sa kanila ang tunay na ina? Pinatigil ni Haning Solomon ang pagtatalo ng dalawa at nagutos sa isang bantay na kumuha ng tabak at hatiin sa dalawa ang sanggol. Sa simula ay inisip ng kawal na ang hari ay nagbibiro, ngunit nang mapansin niyang nakatitig ito sa kanyang pagaatubili ay marahan niyang binunot ang kanyang matalas at kumikislap na tabak at dahan-dahang lumapit sa

babaeng may hawak ng sanggol. Biglang nagpatirapa ang tunay na ina sa paanan ng hari at nakiusap, “Ibigay mo sa kanya ang bata, at sa anumang paraan ay huwag mong patayin.” Ngayon batid na ni Haning Solomon and tunay na ina.

Sa propesiya, ang babae ay simbolo ng iglesya (Jeremias 6:2). Sa napakaraming mga iglesiya sa mga huling araw, paano natin makikilala ang tunay na iglesya na may buhay na ANAK mula sa mga huwad? Tulad ni Solomon, kailangan nating gamitin ang tabak ng Salita ng Dios (Sa Mga Hebreo 4:12).



Ang Pag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Paanong inilalarawan ng Apokalipsis ang tunay na iglesya ng Dios?

Apok. 12:1,2,5 _____ nadaramtan ng araw, at ang buwan ay nasa ilalim ng kanyang mga paa, at sa kanyang ulo ay may putong na may labindalawang bituin: At siya ay sumisigaw na nagdaramdam sa panganganak, at sa hira upang manganganak. ... At siya ay nanganak ng isang anak na lalaki, na maghahari sa lahat ng bansa na may _____ na bakal at ang kanyang anak ay inagaw na dinala hanggang sa Dios, at hanggang sa Kanyang luklukan.

PALIWANAG: Sa propesiya ng Biblia, ang iglesya ng Dios ay kinakatawanan ng dalisay na babae (Jer. 6:2). Sa Apok. 12, ang babaeng ito ay nadaramtan ng araw, buwan, at mga bituin—ang likas na liwanag ng paglalang ng Dios. Sinabi ni Jesus sa iglesya. “Kayo ang ilaw ng sanlibutan.” Mateo 5:14. Ang araw ay kumakatawan sa liwanag ni Jesus (Awit 84:11; Malakias 4:2). Ang buwan ay ilalim ng kanyang mga paa ay kumakatawan sa mga uri at anino ng paraan ng paghahandog sa Matandang Tipan. Kung ang buwan ang repleksyon ng liwanag ng araw, ang paraan ng paghahandog ay repleksyon ng liwanag ng Mesiya na darating (Mga Colosas 2:16,17; Sa Mga Hebreo 10:1). Ang labindalawang angkan sa Matandang Tipan at labindalawang mga alagad sa Bagon Tipan. Ang maghahari sa lahat ng bansa na may panghampas na bakal ay ang Panginoon (Awit 2:7-9; Apok. 19:13-16).

2. Sino ang "dakilang mapulang dragon," at ano ang kanyang sisikaping gawin?

Apok. 12:9 At inihagis ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na _____ at _____.

Apok. 12:4 At lumagay ang dragon sa harap ng babaeng manganganak na upang _____ ang anak niya pagkapanganak niya.

PALIWANAG: Ang dragon ay si Satanas, na sa pagsilang ng Panginoon, ay gumagawa sa pamamagitan ng paganong Roma. Sa impluwensya nito kay Herodes na tagapangasiwa noon ng Roma, ay sinubok na ipatay ang sanggol na si Jesus sa pamamagitan ng pagpatay sa lahat ng sanggol sa Bethlehem (Mateo 2:16).

3. Ano ang nangyari pagkatapos na mabigo si Satanas sa pagpatay kay Jesus?

Apok. 12:5 At ang kanyang anak ay _____ na _____ hanggang sa Dios, at hanggang sa kanyang luklukan.

PALIWANAG: Sa Kanyang pagkabuhay na maguli, si Jesus ay umakyat sa langit at sa luklukan ng Dios (Mga Gawa 1:9-11), na doon ay hindi Siya maabot ni Satanas.

4. Pagkatapos na dalhin si Jesus sa langit, ano ang ginawa ni Satanas sa iglesya?

Apok. 12:13 At nang makita ng Dragon na siya'y inihagis sa lupa ay _____ niya ang babaeng nanganak ng sanggol na lalaki.

PALIWANAG: Nang hindi na magawa ni Satanas ang kanyang nasa sa Panginoon, ay ibinaling niya ang kanyang galit sa iglesya.



5. Saan nagtungo ang babae sa panahon ng kakilakilabot na pag-uusig? Gaano ito katagal nanatili?

Apok. 12:6 *At ang babae ay tumakas sa _____ na doo'y ipinaghanda siya ng Dios ng isang dako, upang doon siya ampuning isang libo at dalawang daan at animnapung araw.*

PALIWANAG: Ang babae (iglesya ng Dios) ay tumakas sa ilang (ang malalayong dako ng lupa) upang magtago sa kanyang mga kaaway. Isang kilalang katotohanan ng kasaysayan na nang Madilim na Panahon, ang bayan ng Dios ay natungo sa mga yungib at tagong mga dako ng lupa, hanggang sa mga baybayin ng Amerika, upang humanap ng kalayaan ng relihiyon at sangalang mula sa paguusig ng kapapahan. Ang isang libo at dalawang daan at animnapung araw (inilalarawan ng Biblia na 42 buwan o tatlo at kalahating taon) ay tumutukoy sa kakilakilabot na 1,260-taon na panahon ng paguusig na nagbunga ng kamatayan ng milyong-milyong mga tao dahil sa kanilang pananampalataya. Sa panahong ito, ang iglesya ng Dios ay buhay, ngunit hindi nakikita at hindi nakikilalang opisyal na organisasyon.

6. Ano ang dalawang mapagkikilanlang tanda ng tunay na iglesya ng Dios?

Apok. 12:17 *At ang dragon ay nagalit sa babae, at umalis upang makipagbaka sa nalabi ng kanyang binhi, na siyang nagsisitupad ng _____ at may _____ ni Jesus.*

PALIWANAG: Ang nalabing iglesya ng Dios, na dito Niya tinatawag ang lahat na Kanyang bayan ay susundin ang Sampung Utos ng Dios (kasama ang Sabbath). Nasa kanila rin ang patotoo ni Jesus, na siyang espiritu o kaloob ng propesiya (Apok. 19:10). Tinatawag ng Dios ang Kanyang iglesya sa huling panahon na "nalabi" (retaso). Ito ay ang natirang bahagi ng damit sa isang paldo. Ito'y siya ring kaputol na damit mula sa paldo.

7. Ayon sa sinabi ng Panginoon, paano natin maipakikita ang ating pag-ibig sa Kanya?

Juan 14:15 *Kung ako'y inyong iniibig, ay _____ ninyo ang aking mga utos.*

1 Juan 5:3 *Sapagkat ito ang pag-ibig sa Dios na ating tuparin ang kanyang _____.*

PALIWANAG: Sa ating pambungad na kasaysayan, ay nakilala ni Solomon ang tunay na ina sa pamamagitan ng pagpapakita nito ng tunay na pag-ibig. Sa gayon ding paraan, ang tunay na iglesya ng Dios ay makikilala sa may sakripisyong pag-ibig at kusang-loob nitong pagsunod sa Kanyang mga kautusan.

8. Anong pabalita ng tatlong anghel ang ipangangaral ng Iglesya ng Dios sa huling panahon?

A. Apok. 14:7 *Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa Kanya; sapagkat dumating ang panahon ng kanyang _____ at _____ kayo sa gumawa ng langit, at ng lupa, at ng dagat at ng mga bukal ng tubig.*

B. Apok. 14:8 *At ang iba, ang pangalawang anghel ay sumunod, na nagsasabi, naguho _____ ang dakilang Babilonya na siyang nagpainom sa lahat ng bansa ng alak ng kagalitan ng kanyang pakikiapid.*

C. Apok 14:9,10 *At ang ibang anghel, ang pangatlo ay sumunod sa kanila na nagsasabi ng malakas na tinig, kung ang sinoman ay _____ sa kanyang larawan at tumanggap ng _____ sa kanyang noo o sa kanyang kamay Ay iinom din ng alak ng kagalitan ng Dios.*





PALIWANAG: Ang tatlong pangungusap na ito ay kumakatawan sa tatlong madaliang pabalita na ipangangaral ng iglesia ng Dios bago dumating ang Panginoon.

9. Kanino ipangangaral ng iglesia ng Dios ang mga pabalitang ito?

Apok 14:6 *Na may mabuting balita na walang hanggan upang ibalita sa mga nananahan sa lupa, at sa _____ at angkan, at wika at bayan.*

PALIWANAG: Ipangangaral ng iglesia ng Dios sa huling panahon ang pabalitang ito sa bawat bansa sa lupa.

10. Anong tiyak na pagkakakilanlan ng Kanyang iglesia sa huling panahon ang ibinigay ng Dios sa atin sa Kanyang Salita?

- A. *Gagawin nito ang kanyang nakikitang mga gawa paglabas niya mula sa ilang noong 1798 (Apok. 12:6, 13:7).*
- B. *Ituturo nito ang mga katotohanang itinuro ng mga alagad, at ang mga aral nito na kasangayong lahat ng Biblia.*
- C. *Susundin nito ang Sampung Utos, kasama ang Sabbath ng Biblia (Apok. 12:17).*
- D. *Taglay nito ang espiritu ng propesiya (Apok. 12:17; 19:10)*
- E. *Ipahahayag nito ang tatlong huling-panahong pabalita ng may malakas na tinig. (Apok. 14:6-14).*
- F. *Ito'y magiging pambuong sanlibutang kilusan (Apok. 14:6).*
- G. *Ituturo nito ang walang hanggang pabalita, na ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ni Kristo (Apok. 14:6).*

PALIWANAG: Maraming mabubuting mga Kristiyano na kaanib ng mga iglesyang hindi tumutugon sa pitong mga palatandaan sa itaas. Kaya walang iglesyang ganoon na matatawag na nalabi ng Dios, na doon Niya tinatawagan ang lahat Niyang matatapat na anak.

11. Ibinigay ng Panginoon ang mga palatandaang ito, at sinabi, "Humayo ka at hanapin mo ang Aking iglesia." Ano ang Kanyang pangako ukol sa iyong paghahanap?

Lukas 11:9 *Magsihanap kayo, at kayo'y _____*

12. Ilang mga iglesia sa sanlibutan ang aakma sa pitong palatandaang ito?

Efeso 4:5 *Isang Panginoon, _____, isang bautismo.*

PALIWANAG: Isang Iglesia lamang sa buong sanlibutan ang aakma sa lahat ng ito—ang Seventh-day Adventist Church, na siyang nagdadala sa inyo ng mga pabalitang ito. Kasalukuyan nitong ipinangangaral ang pabalita ng tatlong anghel ng Apokalipsis 14:6-12 sa buong sanlibutan. At milyon-milyon ang tumutugon.

13. Maraming denominasyon ang tumatawag sa kanilang sarili na mga Kristiyano. Ito ba'y ginagawa silang tunay na iglesia ng Dios?



Isaias 4:1 *At pitong babae ay magsisihawak sa isang lalaki sa araw na yaon, na nangagsasabi, Kami ay magsisikain ng aming sariling _____ at mangagsusuot ng aming sariling _____, tawagin lamang kami sa iyong _____; alisin mo ang aming kadustaan.*

PALIWANAG: Ang tinapay ay simbolo ng Salita ng Dios (Juan 6:35, 51,52,63), at ang kasuotan ay simbolo ng katuwiran (Apok. 19:8). Ang pitong babae sa propesiyang ito ay may sariling tinapay (katotohanan) at nais na taglayin ang kanilang sariling kasuotan (katuwiran). Hindi nila nais ang walang dungis na kasuotan ng katuwiran ni Kristo. Ang tanging nais nila ay tanglayin ang pangalan ni Jesus marahil sapagkat sinasabi ng Biblia, "Walang ibang pangalan sa silong ng langit na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas." Mga Gawa 4:12).

14. Sa sandaling masumpungan ng tao ang tunay na iglesia ng Dios, kailangan bang maging kaanib siya nito?

Mga Gawa 2:47 *At _____ sa _____ ng Panginoon araw-araw yaong nangaliligtas.*

PALIWANAG: Oo, ang pag-anib sa iglesia ng Dios sa huling panahon ay nararapat. Pansinin ang tugon ng Dios sa tanong na ukol sa pag-anib.

- Tayo ay tinawagan sa isang katawan (Colosas 3:15).
- Ang katawang yaon ay ang iglesia (Colosas 1:18).
- Pumapasok tayo sa katawang yaon sa pamamagitan ng bautismo (1 Korinto 12:13). Kailangan pumasok tayo sa iglesia ng Dios ngayon, tulad sa pagpasok sa daong ni Noah noong kanyang kaarawan. Ang panawagan ng Panginoon: "Lumulan ka at ang iyong buong sambahayan sa daong." Genesis 7:1.



15. Ilan ang paraan ng pagtakas noong panahon ni Noah?

Sa Mga Hebreo 11:7 *Sa pananampalataya si Noah... ay naghanda ng isang _____ sa ikaligtas ng kanyang sambahayan.*

PALIWANAG: Sinabi ng Panginoon na ang panahon bago siya bumalik ay magiging katulad ng kaarawan ni Noah (Lukas 17:26) Mayroon lamang isang daan ng pagtakas, kung paanong may isang daong lamang sa kaarawan ni Noah.

16. Sapagkat maraming matatapat na Kristiyano sa mga ibang iglesia, at ang Dios naman ay may isa lamang tunay na nalabi, ano ang mangyayari sa mga tapat na Kristiyanong ito?

Juan 10:16 *At mayroon Akong ibang mga tupa, na hindi sa kulungang ito: sila'y kailangan din namang _____, at kanilang _____ ang aking tinig, at sila'y magiging _____ kawan at magkakaroon ng isang pastor.*

Apok 18:2,4 *Naguho, naguho, ang dakilang Babilonya.... _____ sa kanya, _____ ko, at huwag kayong mangaramay sa kanyang mga kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kaniyang mga salot.*

PALIWANAG: Tatawagin ni Jesus ang lahat Niyang mga tapat na tagasunod na lumabas sa Babilonya. Maririnig nila ang Kanyang tinig, at sila'y tutugon at papasok sa Kanyang iglesia sa huling panahon.

Ang Iyong Tugon

Ang panginoon ay tinatawag ka ngayon na pumasok sa kaligtasan ng Kanyang dakilang iglesya sa huling panahon. Napakahalaga mo sa Kanya. Tutugon ka ba ngayon sa Kanyang panawagan?

TUGON: _____.

Karagdagan

Ang bahaging ito ay mga dagdag na impormasyon para sa dagdag na pag-aaral.

Mga panahon ng Pag-uusig

Ang 1,260 taon ng kaguluhan ay paulit-ulit na binabanggit ng Biblia, sapagkat sa kasaysayan, ito ay siyang pinakamasamang naranasan ng mga anak ng Dios (Mateo 24:21). Ito ay tinutukoy na, 1,260-araw, 42-buwan, at 3-1/2-taon (Apok. 12:6, 14; 13:5; Daniel 7:25). Sa kalendaryong Judio na may 360-araw ang isang taon, ang tatlong ito ay may ganoon ding kabuuang haba ng panahon--1,260-taon. Ang isang araw sa propesiya ay katumbas ng isang literal na taon (Ezekiel 4:6; Mga Bilang 14:34).

Sa kasaysayan ay maliwanag na ang kapapahan ang siyang kapangyarihang nangusig nang 1,260-taon. Ito ay nagsimula noong AD 538, nang ang kapapahan ay siyang pinakamakapangyarihan sa sangkakristiyanuhan ayon sa direkto ni Justinian, ang emperador ng Roma. Kinilala ng emperador ang Obispo ng Roma bilang puno ng lahat ng mga iglesya. Ang direktong ito ay naging bahagi ng Kodigo Justiniano, ang batas ng buong imperyo. Ang panahong ito ay nagwakas noong 1798, nang si Hen. Alexander Berthier, isang heneral ni Napoleon, ay dinalang bihag ang papa. Mga 50 milyong Kristiyano ang namatay sa kanilang pananampalataya sa panahon ng pag-uusig.



Tatlong Mahahalagang Katotohanan

Tatlong katotohanang may sukdulang halaga sa bayan ng Dios ang natatag sa Apok. 12:10-12.

1. Ginapi ng Panginoon si Satanas, ang tagapagsumbong ng mga kapatid, sa krus.
2. Tayong lahat ay magtatagumpay sa pamamagitan ng dugo ni Jesus at sa pagbabahagi ng ating mga patotoo.
3. Ang diablo ay may malaking galit sa pagkaalam niyang mayroon na lamang siyang kaunting panahon.

Ang pabalita ay, si Jesus, na ginapi si Satanas, ay nagkakaloob ng Kanyang walang kapantay na kapangyarihan sa atin nang walang bayad. Mayroon ng ganitong kapangyarihan, tayo ay magtatagumpay. Walang halaga sa atin ang galit ng Diablo. Siya ay isang talunang kaaway. Siya ay natalo sa langit at itinaon sa lupa. Tinalo siya ni Kristo sa krus at nawala ang kanyang nasasakupan. Siya'y matatalo sa kanyang usapin sa paghatol at muli siyang matatalo sa kanyang pagsalakay sa banal na lungsod ng Dios. At sa wakas siya ay lubusang mapapawi sa balat ng lupa sa dagatdagatang apoy. At ang higit na kahangahanga sa lahat ay ipinangako ni Jesus na siya ay magagapi sa kanyang mapait na pakikipagbaka na puksain kayo at ako. Anong di-matingkalang pabalita ng pag-asa mula sa Panginoon.